**Buod ng "Ang Lipnayan ng Ating Mga Katawan"**

Nagkunwari si Hershey Mae na gagawa ng science experiment para makapasok siya sa Chem lab ng eskwelahan sa araw ng Sabado. Pero ang totoo, magtatagpo sila ng gurong si Sir Banakon. Gustong kumprontahin ni Hershey Mae ang guro sa hindi nito pagtanggap sa ipinasa niyang research paper na pinamagatang "Observations and In-depht Analysis of the Effects of Natural and Phenomenal Factors to Two Body Systems and Their Co-independent Properties." Para kay Sir Banakon, walang saysay at basehan ang metodolohiya at resulta ng papel. Labis din ang pagkabahala niya dahil nagdulot na ng malaking komosyon ang eskwelahan ang paniniwala ng mga kaklase ni Hershey Mae sa research niya. Dahil sa mga nakatalang claim sa research paper, may estudyanteng nagtangkang magpakamatay, may dalawang estudyanteng nagrambulan at nagviral sa social media, at may estudyanteng nawawala't hindi matukoy kung nasaan. Pero para kay Hershey Mae, realistiko at siyentipiko ang nais patunayan ng kaniyang pag-aaral. Kasing totoo ng nararamdaman nila para sa isa't isa, kahit gaano pa man ito ka-mali sa lente ng lipunan.

**Ang Lipnayan ng Ating Mga Katawan**

**MGA TAUHAN**

**HERSHEY MAE** junior high school, honor student, maganda

**SIR BANAKON** early 30's, Research teacher, nasa itsura ang angking talino

**TAGPUAN**

Sa Chemistry Laboratory ng isang science high school. Umaga.

**ANG DULA**

*Madilim ang entablado. Papailanlang ang kantang "Teacher I Needed You" ni Elton John. Dahan-dahang magliliwanag. Makikita ang naka-unipormeng si HERSHEY MAE na kumukuha ng dalawang beaker sa istante ng mga lab equipment. May suot siyang earphones. Sa cellphone niya nagmumula ang boses ni Elton John.*

*Ilalapag niya ang mga beaker sa mahabang mesa kung saan nakapatong ang dalawang Erlenmeyer flask. Ang isa ay may lamang Coke, ang isa ay may brandy. Paghahaluin niya ang dalawang likido sa dalawang beaker na para bang nagsasagawa ng experiment. Hahaluin pa niya ang mixture gamit ang glass rod. Pagkatapos ay titikman niya ito. Masama ang lasa pero lulunukin niya.*

*Ilang saglit lang ay halos masuka siya dahil sa ininom. Tatanggalin niya ang earphones, mawawala ang boses ni Elton John. Kukuhanin niya ang bote ng tubig sa bag. Halos maubos niya sa isang lagukan.*

*Bubukas ang pinto ng Chem Lab. Mapapalingon si HERSHEY MAE. Bantulot na papasok si SIR BANAKON na may sukbit sa balikat na sling bag. Marahan niyang isasara ang pinto.*

**HERSHEY MAE**

Akala ko ba 8 am sharp? Forty-nine minutes ka nang late. Wait, ikaw nga ba 'yung nagtext kahapon? Alam mo naman, hindi ko sine-save ang number mo.

**SIR BANAKON**

Ako 'yun.

**HERSHEY MAE**

In-assume ko lang na ikaw. Tagal mo na kasing walang paramdam. 'Yung last two digits na lang kasi ang tanda ko.

**SIR BANAKON**

Dumaan ako sa apartment mo sa Gragasin kaya ako na-late. Akala ko andun ka. Nagbaka sakali rin ako na nag-sleep over ka sa Jollibee House kaya dun ako dumiretso. Tinawagan kita. Cannot be reached naman.

**HERSHEY MAE**

Walang signal dito sa Chem Lab, 'di ba?

**SIR BANAKON**

*(ilalapag ang sling bag sa mesa)* Buti pinapasok ka ng guard.

**HERSHEY MAE**

Sabi ko may tinatapos akong experiment.

**SIR BANAKON**

Meron nga ba?

**HERSHEY MAE**

Sabi mo makikipag-usap ka?

*Saglit na katahimikan. Nagpapakiramdaman. Aabalahin ni HERSHEY MAE ang sarili sa pagbubuklat ng textbook na nakakalat sa ibabaw ng mesa.*

**SIR BANAKON**

Sabihin mo sa'kin kung nasaan si Rich.

**HERSHEY MAE**

Sabi mo dumaan ka sa Jollibee House. Hindi mo siya nakita?

**SIR BANAKON**

Hershey, apat na araw na siyang nawawala. Hindi siya umuwi sa bahay nila sa Nueva Ecija at walang kahit na sinong nakakaalam kung saan siya nagpunta.

**HERSHEY MAE**

Uso 'yun ngayon, Sir. 'Yung 48-hour challenge.

**SIR BANAKON**

Alam kong alam mo kung nasaan si Rich.

**HERSHEY MAE**

Sasayangin mo lang ba ang Sabado ko para lang pagtalunan ang isang taong ayaw magpahanap?

*Saglit.*

**SIR BANAKON**

Sino nagsabi kay Paeng na i-Facebook live niya ang paglalaslas niya ng pulso?

**HERSHEY MAE**

Malay ko. Alam mo namang may kanya-kanyang saltik ang mga estudyante dito.

**SIR BANAKON**

Binanggit niya ang pangalan mo sa video. Kinausap ka raw niya bago niya gawin 'yun.

**HERSHEY MAE**

Binanggit niya rin si Biboy, tsaka si Krista. Bakit ako lang ang tinatanong mo?

**SIR BANAKON**

'Yung ginawa ni Yuka — may kinalaman ka rin dun, 'di ba?

**HERSHEY MAE**

Anong pakialam ko sa katangahan niya.

**SIR BANAKON**

Hindi maglalakas ng loob si Yuka na i-confront 'yung isa pang syota ni Chino kung walang nagsulsol sa kanya.

**HERSHEY MAE**

Sir, natural lang na tutukan ni Yuka ng kutsilyo 'yung malanding Grade 7 na umaagaw sa boyfriend niya.

**SIR BANAKON**

And now it's all over the internet! Sikat na sikat ang campus natin dahil sa kanila.

**HERSHEY MAE**

At least alam na ng buong Pilipinas na nag-eexist ang school natin.

**SIR BANAKON**

Oo, pinag-uusapan tayo ng lahat. Sirang-sira tayo sa mata ng mga tao.

**HERSHEY MAE**

Makakalimutan din nila 'yan kapag may bagong viral video na na pagpepyestahan.

**SIR BANAKON**

Anong alam mo sa lahat ng 'to?

**HERSHEY MAE**

Wala kang mapapala sa'kin.

**SIR BANAKON**

Ikaw ang pinaka malapit kina Rich, Yuka, at Paeng. Imposibleng wala kang kinalaman sa mga nangyari sa kanila.

*Hindi na iimik si HERSHEY MAE. Babalikan niya ang kunwaring pagbabasa ng textbook.*

**SIR BANAKON**

Hershey, seryosong problema 'to. Reputasyon ng campus ang madyo-jeopardize kapag hindi ka pa nagsalita.

*Titingnan lang ni HERSHEY MAE si SIR BANAKON tapos ay babalik sa pagbabasa.*

**SIR BANAKON**

Hindi ka ba naaawa sa parents ni Rich? Sina Yuka at Paeng, mawawalan ng scholarship kapag inilipat sila ng school ng mga magulang nila.

**HERSHEY MAE**

Sila ang gumawa ng eskandalo. Bakit hindi sila ang pestehin n'yo?

**SIR BANAKON**

Ayaw nilang umamin.

**HERSHEY MAE**

Ayaw nilang pakialaman sila. Anong mahirap intidihin dun, Sir?

**SIR BANAKON**

Kung hindi malalaman ng admin kung saan nagsimula ang lahat ng ito, hindi matatapos ang isyu. Siguradong may susunod pa sa kanilang tatlo.

**HERSHEY MAE**

Hindi ko na kasalanan 'yun.

**SIR BANAKON**

Hershey, posibleng makick-out ka kapag napatunayan na ikaw ang may kagagawan ng mga kabulastugang 'to.

**HERSHEY MAE**

*(ibabagsak ang textbook sa mesa)* Hindi kabulastugan ang research ko!

**SIR BANAKON**

Anong research?

**HERSHEY MAE**

Observations and In-depht Analysis of the Effects of Natural and Phenomenal Factors to Two Body Systems and Their Co-independent Properties. Research paper na ipinasa ko sa'yo pero hindi mo tinanggap.

**SIR BANAKON**

Anong koneksyon nun sa tinatanong ko sa'yo?

**HERSHEY MAE**

Yun ang sagot sa tanong mo, Sir.

*Hihinga nang malalim si SIR BANAKON. Inaapuhap ang susunod na sasabihin.*

**SIR BANAKON**

Are you telling me na parte sila ng research mo?

**HERSHEY MAE**

Ang cases nina Rich, Yuka, at Paeng ang validation na tama ang research ko. *(saglit)* Sila ang humingi ng tulong. May kanya-kanya silang problema sa mga syota nila. In-offer ko 'yung research ko as a possible solution. By determining the properties of each pair of body systems and by describing each of their relations through Newtonian Physics

and the Darwinian Theory of Evolution, naisip nila kung paano ise-save ang mga lovelife nila.

*Mapapamaang si SIR BANAKON.*

**HERSHEY MAE**

Based on your reaction, mukhang hindi mo man lang binasa 'yung project ko.

**SIR BANAKON**

Pa'no makakapag-save ng relationship ang isang research paper?

**HERSHEY MAE**

In-depth analysis, Sir. By using my research design that is based from the system development cycle, sinubukan kong i-prove ang hypothesis na merong direct linear relationship sa pagitan ng dalawang katawan in terms of their co-independent properties with respect to the span of time na magkasama sila. Guess what? Tama ako. The longer the period of time that the two bodies are co-independent, the more extreme mood changes in the bodies will be present. Kaya nagkakaroon ng problema ang mag-syota. After kong ma-determine ang natural at phenomenal factors na nagka-cause ng problema, tsaka ako nag-arrive sa specific recommendation. Self-infliction kay Paeng. Direct confrontation kay Yuka. Ultimate surrender kay Rich.

**SIR BANAKON**

Hershey, di ko naiintindihan.

**HERSHEY MAE**

By graphing the trend of the mood of Body 1 with respect to the mood of Body 2 in the same time frame, na-graph ko ang notable factors na nakaapekto sa dalawang katawan, may it be in the similar or different way. Case Number 1: Yuka and Chino. Several times nang nahuli ni Yuka na may ka-chat na babae si Chino. Pero never siyang naging aggressive, inuulit-ulit ni Chino ang pakikipag-flirt hoping that Yuka will actually do something to win him back. Kaya this time, sinugod na niya yung malanding Grade 7. Case 2: Paeng and his long time girlfriend Gianna. Feeling ni Gianna, mahal na mahal siya kapag nakikita niyang nahihirapan o nasasaktan ang boyrfriend niya. Kaya palalakarin niya ng malayo ang asthmatic na si Paeng maibili lang siya ng pagkain. Kilig na kilig siya nung ipa-tattoo ni Paeng sa ilalim ng tenga ang pangalan niya. At ngayon na nagkakalabuan sila, there’s no way na mapabalik ni Paeng si Gianna kung walang makikitang dugo ang may saltik niyang syota.

**SIR BANAKON**

Kalokohan iyang mga pinagsasasabi mo.

**HERSHEY MAE**

Case Number 3: Si Rich at ang girlfriend niyang former student ng St. Mary’s University. Going strong sila for almost three years kahit magkaiba sila ng school. Pero umuwi yung babae sa Quirino at dun na nag-aral. Eventually, nagkalabuan sila dahil hindi na sila nagkikita. So I came up with the soundest recommendation para hindi sila tuluyang mag-break.

**SIR BANAKON**

Nasa Quirino si Rich?!

**HERSHEY MAE**

All thanks to my research. Desisyon na niya kung tatalikuran niya ang lahat para magkatuluyan sila.

**SIR BANAKON**

Naniniwala ka talagang tama ang ginawa mo.

**HERSHEY MAE**

Baka nakalimutan mo na Sir, ikaw ang nagturo sakin kung pano gumawa ng scientific study.

**SIR BANAKON**

Your paper is treading borders that are beyond the scope of science.

**HERSHEY MAE**

Bakit Sir? 'Di ba dun naman nagsisimula ang groundbreaking discovery sa Science and Technology? Dapat lumampas ka sa linya. Laktawan ang mga nauna. Hindi mangyayari ang Reformation noong 1600's sa Europe kung walang kumwestiyon sa ancient patterns of thought.

**SIR BANAKON**

'Wag kang pilosopo. Buhay ng mga kaibigan mo ang pinag-uusapan natin dito. Pinapaniwala mo sila sa isang bagay na walang empirical basis.

**HERSHEY MAE**

My research is based on established frameworks of mathematics, engineering, and physics, Sir. Kung mali ako, dapat wala ka dito ngayon.

*Hindi makakaimik si SIR BANAKON. Hindi niya naiintindihan ang pinupunto ni HERSHEY MAE.*

**HERSHEY MAE**

Three weeks ago, sinubmit ko sa'yo ang research paper ko. Two days after, iniwan mo sa pigeon hole yung paper with the single remark. Sabi mo, redo your research. Formulate a more sensible topic. Tinanong kita kung bakit hindi sensible na pag-aralan ko ang physics ng dalawang body system based on Newtonian Law and Darwin's Theory. Hindi mo ko sinagot. Simula nun, hindi mo na ko pinansin. Hindi mo na ko kinausap.

**SIR BANAKON**

Dahil ayaw mong sundin ang advice ko. Grades mo lang ang iniisip ko, Hershey. I want you to create a new project—a scientific project—that is 35% of my class requirement.

**HERSHEY MAE**

Talaga ba Sir? Totoo bang hindi ka naniniwala sa findings ng research ko? O takot kang aminin na wala kang maitatago sa Science?

*Iiwasan ni SIR BANAKON ang mapanghusgang tingin ni HERSHEY MAE.*

**HERSHEY MAE**

Takot ka kaya hindi mo na ko kinibo. Takot ka kaya nagpanggap ka nalang na hindi ako nag-eexist. But you can't deny my existence, Sir. That's a rather philosophical

matter at sa science ka magaling, hindi sa philosophy. I did my research and the results speak for themselves. After all, I learned from the best.

**SIR BANAKON**

This is nonsense. Wala akong makukuhang matinong sagot sa'yo. Tsaka na tayo mag-usap.

**HERSHEY MAE**

*(tatawa)* Tama ako. As predicted by my research, sa ganitong sitwasyon idi-dismiss mo lang ulit ako. Kagaya nung second year, nung first time mo ko naging student. Nanalo ako sa regional Biology quiz bee. Wala kang ibang ginawa kundi purihin ako. Nung awarding na, pinaakyat kita sa stage, dahil proud ako na ikaw ang coach ko. Hindi ka umakyat. Pagbalik natin sa campus, ilang na ilang ka sakin. Ayaw mong makipag-usap. Nung third year, nag-delikado ang grades ko sa Geometry. Nag-alok kang i-review ako every Tuesday and Thursday during library hours. Nakabawi ako sa klase. Niregaluhan kita ng DVD ng Big Bang Theory. Tinanggap mo pero after nun, hindi mo na naman ako kinausap. Until malaman mo, na nag-champion ang school sa investigatory project. Excited kang kinong-gratulate ako. Binigyan mo pa ko ng Tofiluk. Dahil akala mo kasali ako sa nanalong grupo. Patterns. Patterns ang tawag dun Sir, 'di ba? Kaya kinailangan kong mag-isip ng paraan para pansinin mo ulit ako. Perfect timing, Yuka, Rich, and Paeng asked for help. Tumulong ako. And I knew—I'm sure that it will lead to something this big. Big enough para di mo na ko i-dismiss. *(saglit)* Ngayon mo sabihin sa'kin na mali ako, Sir.

*Gitla si Sir Banakon sa mga narinig.*

**SIR BANAKON**

This is… putang ina… this is unbelievable… My god, Hershey…

*Tatawanan ni HERSHEY MAE si SIR BANAKON.*

**SIR BANAKON**

Wag mo kong tawanan. Putang ina! Are you out of your mind, Hershey?

**HERSHEY MAE**

Putang ina ka rin, Sir Banakon. Bat di mo nalang tanggapin ang research ko *(kukuhanin ang folder ng research sa bag niya at ihahagis sa harap ni SIR BANAKON)* Bakit kailangan mong ikaila sa sarili mo na ang two body systems na pinag-aralan ko ay ikaw at ako! Ikaw si Body 1 at ako si Body 2!

*Saglit na katahimikan. Nakatitig lang si SIR BANAKON sa kumalat na papel. Maya-maya ay pupulutin niya ang mga ito at ibabalik sa folder. Kalmado niyang iaabot kay HERSHEY MAE ang folder.*

**SIR BANAKON**

This can't be scientific. Hindi iyan totoo. Hindi mo pwedeng ikahon ang tao sa gawa gawang theory at formula.

**HERSHEY MAE**

Nagawang iexplain ni Newton ang concept of gravity dahil naisip niya that there could be a single universal system of mechanics na makakapag-describe ng celestial motions. Because of his discovery, na-debunk ang Cartesian Theory of Vortices. Yan ang sabi mo sa klase. Kaya naming mga estudyante na mag-hypothesize at mag-prove ng theory that will revolutionize science.

**SIR BANAKON**

Hindi ka si Newton, Hershey!

**HERSHEY MAE**

Pero nakatungtong ang research ko sa kanya. The same way na tinungtungan lang din ni Newton ang mga pinag-aralan ni Johannes Kepler at lahat ng nauna sa kanya.

**SIR BANAKON**

Hindi ganun kasimple yun. Hindi dahil may nabuo kang research design, equations, at assessment tool, agad-agad mo nang mapapatunayan ang isang bagay na kumplikado.

**HERSHEY MAE**

Pasimplihin natin, Sir, isang bagay lang naman ang gustong patunayan ng research ko. The more the first body is immersed with the second body, the more extreme that change in mood levels there will be. Meaning, they are almost perfect complement to each other. Ibig sabihin, gusto kita at gusto mo rin ako.

**SIR BANAKON**

Jesus Christ!

**HERSHEY MAE**

Bakit ba pilit mo pa ding tinatanggi? Science na ang nagsasabi Sir, tayong dalawa dapat.

**SIR BANAKON**

Putang ina, Hershey! Tigilan mo tong kabaliwan mo. Please!

**HERSHEY MAE**

*(bubuklatin ang folder at may ipapakita kay SIR BANAKON)* Look at these graphs Sir, yan ang visual representation ng nagdaang apat na taon simula nang magkakilala tayo. The first graph suggests chaos; that there's no pattern to the sequence of moods that happened co-independently between the two of us. Syempre, bata pa ko nun. Maraming bagay at sariling pakiramdam na di ko pa naiintindihan. And you chose na ganun ka rin. Pero itong second graph. Tingnan mo. It shows elegance. There's a definite pattern to the relationship of Body 1 and Body 2. Fourth year ako niyan hanggang ngayon na patapos na ko sa Junior High. Hindi siya exquisite symmetry pero merong real at recognizable pattern.

**SIR BANAKON**

These are meaningless. Hindi ko itatanggi na matalino ka. And probably the most brilliant among your batch. But this is too much. Gusto mong maniwala ako sa patterns dahil lang nakasandal sila sa Newtonian equations?

**HERSHEY MAE**

Yes. Definitely. Kagaya ng pagtitiwala ni Darwin sa nakita niyang intriguing patterns sa distribution at features ng mga hayop sa Galapagos Islands. Which led him to his conclusions tungkol sa theory of evolution at natural selection

*Sisipain ni SIR BANAKON ang maaabot niyang silya.. Bahagyang magigitla si HERSHEY MAE.*

**HERSHEY MAE**

*(halos pabulong)* Sinabi ko na…

**SIR BANAKON**

Bakit Hershey? Bakit mo ginagawa to?

*Hindi iimik si HERSHEY MAE tuluyang maiiyak.*

**SIR BANAKON**

WHY DO YOU HAVE TO DO THIS?!

**HERSHEY MAE**

Dahil gusto kita, Sir! Gusto kita! At alam kong gusto mo din ako! *(saglit)* Considering the Darwinian Theory of Evolution, yung meron tayo is a basic concept of survival through adaptation and involvement. Body 2 chooses to co-exist with Body 1.

*Bubuhos ang iyak ni HERSHEY MAE mapapasalampak na parang paslit. Hindi malaman ni SIR BANAKON ang gagawin. Makailang ulit niyang susubukang daluhan si HERSHEY MAE pero pipigilan niya ang sarili. Hanggang sa hindi na niya matiis. Lalapitan niya si HERSHEY MAE at yayakapin.*

**SIR BANAKON**

'Wag kang umiyak.

*Hihigpit ang yakap ni HERSHEY MAE. Marahang kakawala si SIR BANAKON, hahawakan niya ang pisngi ni HERSHEY MAE para tingnan nang mata sa mata.*

**SIR BANAKON**

Makinig ka sakin, Hershey. Hindi pwede.

**HERSHEY MAE**

Bakit, Sir? Dahil estudyante mo lang ako? According sa The Journal of Education Research, 13% ng graduates sa isang school sa Amerika ang nagkaroon ng affair sa teacher nila.

**SIR BANAKON**

It doesn't apply. Wag ka ngang magtanga-tangahan.

**HERSHEY MAE**

Pare-pareho lang ang lahat ng eskwelahan.

**SIR BANAKON**

That's not the point!

**HERSHEY MAE**

E ano? Natatakot kang maeskandalo? Hindi first time ang kasong ito, Sir. Yung basketball coach ng varsity nung freshman ako, three years naging girlfriend yung

salutatorian ng Batch 2011. Yung nag-resign na disciplinary officer last year, hanggang ngayon syota pa rin ng prom king ng Batch 2013.

**SIR BANAKON**

Hershey, huwag mo kong itulad sa kanila. Hindi ko iginapang ang apat na taon ko sa kolehiyo para bumaba sa lebel nila. *(saglit)* Teacher mo ko.

**HERSHEY MAE**

Alam ko Sir. Ikaw ang pinakamahusay kong teacher dahil naturuan kong magmahal.

**SIR BANAKON**

Jesus Christ!

**HERSHEY MAE**

Handa akong i-defend sa lahat ng science competition ang research paper ko hanggang sa maniwala kang totoo lahat ng na-gather kong data.

*Saglit na katahimikan. Mayamaya ay iha-hum ni HERSHEY MAE ang "To Sir With Love", 1967 song ni Lulu. Lalapitan niya si SIR BANAKON at tuluyang kakantahin ang lyrics.*

**HERSHEY MAE**

Those school girl days

Of telling tales and biting nails are gone

But in my mind

I know they will still live on and on

But how do you thank someone

Who has taken you from crayons to perfume

It isn't easy, but I'll try.

*(yayakapin mula sa likod si SIR BANAKON)*

If you wanted the sky

I would write across the sky in letters

That would soar a thousand feet high

To Sir, with love.

Ang tagal kong hinintay na makanta sayo yan, Sir. If you wanted the moon, I would try to make a start. But I would rather you let me give my heart to Sir, with love.

*Kakawala sa yakap si SIR BANAKON.*

**SIR BANAKON**

Bakit ako?

**HERSHEY MAE**

Bakit hindi?

**SIR BANAKON**

Ang dami-dami mong batchmate at schoolmate na pwedeng magustuhan.

**HERSHEY MAE**

Pero walang katulad mo na palaging inuuna ang iba bago ang sarili. *(saglit)* Tanda mo nung third grading. Nung sophomore ako? Sobrang lakas ng ulan nun, naabutan mo kami ni Yuka sa labas ng Edlyn's Computer Shop. Magpapaprint ka nun ng application mo for grad school. Wala kaming payong kaya di kami makauwi sa dorm. Inalok mo agad na gamitin muna naming yung payong dahil aabutan na kami ng curfew. After three hours, hindi pa rin tumitila ang ulan. Alalang alala ako kung paano ka makakauwi. Sigurado, mababasa rin iyong pinaprint mong—

**SIR BANAKON**

Hindi kaya naghahanap ka lang ng father figure? I remember, nabanggit mo sakin last year na may impending annulment ang parents mo. Baka naman you just feel empty, kaya you're turning your attention to me.

**HERSHEY MAE**

*(saglit na matatahimik, offended)* Alam mong hindi ako ganun kababaw.

**SIR BANAKON**

But that is more plausible kumpara sa ipinipilit mong research.

**HERSHEY MAE**

Alam mong wala akong interes sa mga lalaki kaya walang kahit na sinong manliligaw ang inentertain ko. Lahat sila crass, boring, nonsense, at emotionally unreliable. Pero nung makilala kita, I learned that the opposite sex could be gentler, emphatic, and clever.

**SIR BANAKON**

Hindi kaya hormonal imbalance lang yan? Baka masyado lang active sa pagrelease ang pituitary gland mo ng oxytocin at vasopressin.

**HERSHEY MAE**

Posible, Sir. Pero alam ko na itong nasa loob ko is more than just neuro-chemistry. Sayo lang ako sobrang humanga dahil sa level of patience at understanding na meron ka. I will never forget na hindi mo ko sinukuan nung third year ako. Kinonsider kong umalis sa school na 'to dahil sa lintek na organic chemistry pero pinalakas mo ang loob ko. Tinuruan mo ko. Dito mismo sa Chem Lab. Paulit-ulit mong ipinaintindi sa'kin ang absorption spectroscopy, chemoselectivity, at conjugated systems.

**SIR BANAKON**

If it's not a neuro-chemical case, hindi imposibleng neurological issue lang yan. Maybe you get too attached sa idea na magkasundo tayong dalawa. Kaya nadeactivate ang stress-related areas ng utak mo.

**HERSHEY MAE**

Gusto mong icheck ang hypothalamus, right anterior insula, at superior frontal gyrus ko?

**SIR BANAKON**

Bakit hindi? Kung yun lang ang tanging paraan para ma-realize mo na yang results ng study mo ay inaccurate.

**HERSHEY MAE**

Go ahead, Sir. Buksan mo ang bungo ko para malaman mong ikaw lang ang laman ng utak ko. *(matatawa)* Mushy 'no? Epekto siguro ng sobrang oxytocin at vasopressin

*(saglit)* Pero ganun e. Last school year, excited ako lagi na mag-Tuesday at Thursday dahil yun lang ang schedule natin sa research class. Nung nag-fieldtrip ang batch sa Baguio. Akala ko sasama ka. Excited akong ilibre ka nun ng strawberry taho. Tapos nagpunta kami sa BenCab museum, tinanong kami ng arts teacher namin kung alin ang pinaka paborito naming work of art. Hindi ko masabi na ikaw—you are my most favorite piece of art.

**SIR BANAKON**

Good Lord, Hershey.  Wag mong sabihin na may ibang nakakaalam ng lahat ng to.

**HERSHEY MAE**

Bakit? Nahihiya kang malaman nila ang tungkol satin?

**SIR BANAKON**

Walang sa atin. Naintindihan mo?

**HERSHEY MAE**

Walang ibig sabihin yung halos gabi gabi nating pagtetext? Yung pagbibigay mo sakin ng libro pag galling ka sa book sale? O ng Chuckie pag may exam ako? Yung pagsama mo sakin sa Farmers, dun sa gilid ng burol, nung minsang ayaw ko pang umuwi sa Isabela kahit sem break na dahil wala naman akong dadatnan sa bahay? Wala lang lahat ng yon?

*Hindi agad makakasagot si SIR BANAKON.*

**SIR BANAKON**

Wala.

**HERSHEY MAE**

Sinungaling!

**SIR BANAKON**

Bakit ba ayaw mong making?! Hindi lahat kayang ipaliwanag ni Newtown! O ni Darwin! Hindi dahil yun ang pinapaniwalaan mo, yun na ang totoo.

**HERSHEY MAE**

Ano pa bang gusto mong pruweba Sir?

**SIR BANAKON**

Wala akong hinihingi sayo kundi itigil na ang kalokohang ito. *(saglit)* Hershey, for all we know, this is just a classic example of Freudian inter-generational desire.

**HERSHEY MAE**

Alam ko kung anong nararamdaman ko Sir. Sana iacknowledge mo rin kung ano ang totoong nandiyan sa loob mo. Alam kong matatalino tayong lahat dito. Pero Sir, may puso rin tayo.

**SIR BANAKON**

Tama ka. Matalino ka. Kaya dapat alam mong hindi mapagkakatiwalaan ang puso.

**HERSHEY MAE**

But the heart has its reasons of which reasons know nothing.

**SIR BANAKON**

Hindi uubra sakin ang pagko-quote quote mo kay Blaise Pascal

*Saglit na magtutunggali ang titig ng dalawa hanggang sa muling tumulo ang pinipigilang luha ni HERSHEY MAE. Pero magpapakatatag siya. Dahan dahan niyang tatanggalin ang pagka-butones ng blouse niya.*

**HERSHEY MAE**

Uubra na ba sayo Sir, kung ibibigay ko ang sarili ko?

*Agad na pipigilan ni SIR BANAKON ang paghuhubad ni HERSHEY MAE.*

**SIR BANAKON**

Hershey tama na! Please tumigil ka na!

**HERSHEY MAE**

Bakla ka ba?! Bakla ka siguro? *(hahampasin si SIR BANAKON)* Duwag ka! Bakla ka!

**SIR BANAKON**

Kung sabihin kong oo, bakla ako, titigil ka na ba?

**HERSHEY MAE**

Hindi.

**SIR BANAKON**

Kung sabihin kong oo, gusto rin kita, pero putang ina hindi pwede, tatahimik ka na?

*Matitigilan si HERSHEY MAE*

**SIR BANAKON**

Gaano ba kahirap ang intindihin ang hindi pwede. Na hindi tayo pwede.

**HERSHEY MAE**

Bakit? Dahil takot kang mahusgahan? Takot kang makasuhan at matanggal sa trabaho? Takot kang mawalan ng lisensya?

**SIR BANAKON**

Oo! Takot ako sa lahat ng yan. Pero pinakatakot ako na saktan ka. Na masira ka.

**HERSHEY MAE**

Sa tingin mo ba hindi ako nasasaktan na nirereject mo ang research paper ko? Na nirereject mo ko?

**SIR BANAKON**

Yun na nga! Walang ibang pupuntahan ‘to magkakasakitan lang tayo.

**HERSHEY MAE**

Pano kung hindi?

**SIR BANAKON**

Sigurado ako Hershey.

*Kukuhanin ni SIR BANAKON ang isang folder sa kanyang sling bag. Ipapakita niya kay HERSHEY MAE ang laman nitong mga papel.*

**SIR BANAKON**

Figure number 4. Rudimentary energy relationship of the two body systems.

**HERSHEY MAE**

Ano 'to?

**SIR BANAKON**

Ako si Body 1 ikaw si Body 2. Yan ang graph ng research ko tungkol sa'ting dalawa. It's a half parabola showing two different slopes. One opens upward, the other opens downward.

*Mapapamaang si HERSHEY MAE mabilis niyang iiscan ang iba pang pages ng document.*

**SIR BANAKON**

Bago mo pa ma-conduct ang research mo, nagawa ko na yan.

**HERSHEY MAE**

This is a joke. Wag mo ko gaguhin Sir.

**SIR BANAKON**

'Di ko kayang gawin yan sa'yo. It's a research paper which tries to prove na kung ano mang namamagitan satin ay tama. Of course, gusto kong malaman kung tama nga ba na gustuhin natin ang isa't isa.

**HERSHEY MAE**

Kahit kailan, hindi naging mali ang magmahal.

**SIR BANAKON**

Not according to my research that is based on the First Law of Thermodynamics—The Law of Conservation of Energy. Using the concept of this universal law na ang input of

one system ay equal to its every output, sinubukan kong i-correlate ang efforts o ang energy nating dalawa sa isa't isa for the past four years. I wanted to find the total energy of us bilang isang buong system with respect to time para ma-determine kung si Body 1 at Body 2 ay may equivalent energy with positive functions. Sabi ko, kapag nakuha ko ang result, mape-predict ko ang future behavior nating dalawa. Malalaman ko kung dapat nga ba na maging tayong dalawa.

**HERSHEY MAE**

And what did you find out?

**SIR BANAKON**

I learned that we are actually experiencing the same trend. Our total energy as a system is equivalent, but the other side of the equation is negative. Hence, the parabola.

**HERSHEY MAE**

*(hindi makapaniwala)* Pa'no— naging negative? E Sir alam mong masaya ako kapag nandiyan ka. Ikaw rin. Ganun ka rin 'di ba?

**SIR BANAKON**

But this is not about how we feel. This is about what you do and how you will behave as long as I'm around.

**HERSHEY MAE**

Ako naman ang magsasabi sa'yo na this is nonsense.

**SIR BANAKON**

'Yan din ang gusto kong paniwalaan. Pero lolokohin ko lang ang sarili ko kung idedeny ko ang lumabas na conclusions.

**HERSHEY MAE**

Maybe your samples are not enough. Malamang maling variables ang kinonsider mo.

**SIR BANAKON**

Nandyan lahat ng samples na ginamit ko sa research. Our texts messages. Your replies. Test score sa lahat ng subjects mo. Umabot ako pati sa personal essays mo sa English at Filipino. Isa lang sinasabi nila. You are better off without me.

**HERSHEY MAE**

That's bullshit! Hindi dahil ikaw ang teacher mas tama at totoo ang research mo.

**SIR BANAKON**

Hershey, your science is only as good as mine. Pero hindi yun ang issue. For the past four years, masyado siguro tayo naging masaya. Hindi natin nakita kung pano natin naapektuhan ang isa't isa in a negative spectrum dahil nakatingin lang tayo dun sa positive. Pasado nga lahat ng test scores mo pero hindi gaya nung dati na you are always on top. Alam kong alam mo na this is not your best. Pero nawawala ang focus mo dahil nadidistract ka sa pakikipagtext sakin. Don't get me wrong. Alam mong gustong gusto kita kausap. Pero apparently, it's affecting your performance. At kung babalikan mo lahat ng nasulat mong output sa English at Filipino classes mo, you'll know why. Hanggang sa pagsulat ng poetry at creative non-fiction, ako ang nasa subconscious mo. Aaminin ko, it flatters me so much. Pero hindi na tama.

**HERSHEY MAE**

*(pipigilang maiyak ulit)* Kung yan lang ang problema, I can easily work on it. Mag-aaral ulit ako ng mabuti.

**SIR BANAKON**

Hindi mo yun magagawa hanggat nandiyan ako sa puso't isip mo.

**HERSHEY MAE**

Kaya ko!

**SIR BANAKON**

Hindi, Hershey. Dahil hanggang sa research paper mo, hindi mo nagawang makawala sa idea na tayo. Yun ang dahilan kaya kahit mahirap sinusubukan ko nang lumayo.

**HERSHEY MAE**

Pano kung mas gusto ko nalang na gustuhin kita kesa gustuhin na maging magaling ako?

**SIR BANAKON**

Hershey, hindi love ang tawag dun.

*Tuluyang maiiyak si HERSHEY MAE. Pupunitin niya ang research paper ni SIR BANAKON.*

**HERSHEY MAE**

Madaya ka! Madaya ka!

*Hahayaan lang siya ni SIR BANAKON. Hanggang sa tuluyang mapagod si HERSHEY MAE. Noon lang siya lalapitan ni SIR BANAKON.*

**SIR BANAKON**

*(kukuha ng panyo sa bulsa at pupunasan ang luha ni HERSHEY MAE)* Ito mismo ang iniiwasan kong mangyari. Masyado kitang mahal para hayaan ko lang na masira ka ng nararamdaman mo para sakin.

**HERSHEY MAE**

Sir, hindi ba pwedeng bigyan natin ang isat-isa ng pagkakataon?

**SIR BANAKON**

*(iiling)* Sa tamang lugar at sa tamang pagkakataon, baka sakali.

**HERSHEY MAE**

Ang dami ko pang gustong gawin na kasama ka. Malay natin, maging kagaya tayo nina Pierre at Marie Curie. Kung magkatulong tayo sa mga research, mahihigitan natin yung discovery nila ng polonium at radium.

**SIR BANAKON**

Mas magiging proud ako kung magagawa mo yun nang mag-isa.

*Saglit.*

**HERSHEY MAE**

Hindi mo na talaga ako papansinin?

**SIR BANAKON**

Pano ko gagawin 'yun e estudyante kita?

**HERSHEY MAE**

Anong gagawin ko dito sa nararamdaman ko para sayo?

**SIR BANAKON**

I-convert mo sa ibang form ng energy. Mas mainam kung mata-transform mo yan into something more positive gaya ng pagmamahal sa sarili.

**HERSHEY MAE**

E yung sayo, anong gagawin mo?

**SIR BANAKON**

*(ilalagay ang kamay sa dibdib)* Dito lang muna siya. Sabi ng First Law of Thermodynamics, the amount of energy— of love—that we have is fixed. And it cannot be destroyed.

**HERSHEY MAE**

Makakamove on ba ko?

**SIR BANAKON**

Oo naman. Dahil sabi ni Charles Darwin, it is not the strongest of the species that survives, nor the most intelligent. It is the one that is the most adaptable to change.

**HERSHEY MAE**

Mamimiss ko ang pagtawag mo sakin ng buo kong first name.

**SIR BANAKON**

Ako rin.

*Saglit na magtititigan ang dalawa.*

**SIR BANAKON**

Hihintayin ko ang bago mong research paper. I'm sure makakaisip ka ng mas mabangis sa una mong ipinasa.

**HERSHEY MAE**

Sige, Sir. Yung mas mabangis sa Banakon.

**SIR BANAKON**

Sa ngayon, kailangan muna nating magtulungan para mapabalik dito si Paeng.

*Tatango si HERSHEY MAE. Saglit na katahimikan.*

**SIR BANAKON**

Paano, mauna na ko?

**HERSHEY MAE**

Saglit lang Sir.

*Kukuhanin ni HERSHEY MAE ang dalawang beaker sa mesa. Ibibigay kay SIR BANAKON ang isa.*

**SIR BANAKON**

Ano 'to?

**HERSHEY MAE**

Muntik ko na malimutan. Prinepare ko yan para sana sa first date natin ngayon dito sa Chem Lab. Hindi ko alam na ito na din pala ang last.

*Pilit na ngingiti ang dalawa pero halatang malungkot.*

**HERSHEY MAE**

Cheers?

**SIR BANAKON**

Cheers.

*Sabay silang iinom. Magugulat si SIR BANAKON.*

**SIR BANAKON**

Bawal ang alak sa school.

**HERSHEY MAE**

Pagbigyan mo na, Sir. Kahit yan man lang, masabi kong may nagawa tayong dalawa na bawal.

*Uubusin ni SIR BANAKON ang laman ng beaker tapos ay ilalagay ito sa mesa. Pupulutin niya ang mga pinunit na papel ni HERSHEY MAE. Isisilid niya ito sa kanyang sling bag. Makikita niya sa loob ng bag ang isang Tofiluk. Iaalok niya ito kay HERSHEY MAE. Tatanggapin naman ni HERSHEY MAE.*

**SIR BANAKON**

Umuwi ka na rin agad. Baka umulan na naman. Pareho tayong walang dalang payong.

*Lalakad paalis si SIR BANAKON. Bubuksan niya ang pinto.*

**HERSHEY MAE**

Sir Banakon—

*Lilingunin niya si HERSHEY MAE.*

**HERSHEY MAE**

Salamat po.

**SIR BANAKON**

Salamat din, Hershey Mae.

*Tuluyang lalabas si SIR BANAKON, iiwang nakabukas ang pinto. Uubusin ni HERSHEY MAE ang laman ng beaker. Bubuksan niya ang Tofiluk at sisimulang kainin. Itatayo niya ang sinipang silya ni SIR BANAKON tsaka uupo. Ilalabas niya ang cellphone at isusuot ang earphones. Maririnig ang kantang "Almost Over You" ni Sheena Easton. Tuloy lang sa pagkain ng Tofiluk si HERSHEY MAE habang kusang tumutulo ang luha sa mata.*

*Mayamaya, makikita ang pagbalik ng tapang sa mukha niya. Papahirin niya ang luha. Agad siyang tatayo. Bubuksan ang mga book shelf. Kukuha ng mga libro at i-scan. Dadalhin niya ang*

*mga napiling libro sa mesa. Magsisimula siyang magbasa. Naghahanap ng panibagong facts na pwedeng isama sa research. Ngunit sasaklubin pa rin siya ng lungkot at muling maiiyak. Unti-unting magdidilim ang entablado.*

**TABING**